
SELF-DIRECTED GUIDE BOOK

# TAGALOG



LEGISLATIVE ASSEMBLY
*of* BRITISH COLUMBIA




Maligayang pagdating sa Parliament Buildings, ang tahanan ng Legislative Assembly of British Columbia kung saan nagpupulong ang mga binotong kinatawan, na tinatawag na Mga Members ng Legislative Assembly o mga MLA, para ihugis ang kinabukasan ng province sa pamamagitan ng pagdebate at pagpasa sa mga batas na namamahala sa British Columbia.

Ang Parliament Buildings at ang mga paligid na lugar ay nasa mga tradisyunal na teritoryo ng mga táong nagsasalita ng Lekwungen (binibigkas na Le-KWUNG-en). Ang Coast Salish na mga tao, na kilala na ngayon bilang Songhees at Esquimalt Nations, ay may mayamang kultura at kasaysayan na libu-libong taon nang umiiral.

Sana'y masiyahan kayo sa inyong pagbisita.

## Pang-ibabang Palapag

Kailangan ng visitor pass para makapasok sa palapag na ito. Mangyaring humingi ng tulong.

- Parliamentary Dining Room (tumawag sa 250.387.3959 para gumawa ng reservations)
- Accessible entrance/exit

## Pangunahing Palapag

- Tour Desk
- Security Reception
- Parliamentary Gift Shop
- Public washrooms
- Water fountain

## Pangalawang Palapag

- Accessible at gender-neutral na washroom na may mesa para magpalit ng lampin ng sanggol

## Pangatlong Palapag


Ang palapag na ito ay bukás lamang kapag nagpupulong ang Legislative Assembly.

- Public Gallery

### Mangyaring lumapit sa miyembro ng aming mga tauhan kung mayroon kayong anumang katanungan o kung nangangailangan kayo ng tulong.

- Ang mga tauhan ng Protective Services ay marunong ng first aid.
- May lost-and-found sa Security Reception.
- May mga wheelchair na magagamit ng mga bisita.

# PANGUNAHING PALAPAG




## 1 Ang Lower Rotunda

Mula sa Lower Rotunda, ang loob ng pangunahing dome ay umaabot ng hanggang 30.5 metro (100 talampakan). Sa ibabaw ng dome ay may istatwa ni Kapitan George Vancouver na dalawang metro ang taas. Ang istatwa ay gawa sa pinukpok na tansa at nilagyan ng 14-carat goldplating.

Sa sentro ng kuwarto ay may makikitang orihinal na Italian mosaic na inilagay nang de-kamay. May makikita sa mosaic na *Shxwtitostel* (binibigkas na Schwe-tea-tos-tel), isang tradisyunal na bangka para sa panloob na ilog; ito'y inukit ni Honourable Steven Point, ang ika-28 na Tenyente Gobernador ng British Columbia, at ni Chief Tony Hunt, ang Hereditary Chief ng KwaGulth at isang master carver. Ang *Shxwtitostel* ay nangangahulugang "isang ligtas na lugar para tumawid sa ilog" sa Halq'eméylem at kinakatawan nito ang ideya ng tulay sa pagitan ng mga tao.






## 2 Hall of Honour (Bulwagan ng Karangalan)

Ang Hall of Honour ay ginagamit buong taon para magtanghal ng events, receptions at mga anunsyo ng gobyerno. Ang kuwarto ay regular ding may mga special exhibit at mga display.



## 3 Diamond Jubilee Window


Ang bintanang ito ay kinomisyon para sa ika-60 taon ng pagrereyna ni Queen Victoria noong 1897. Ito'y ginawa ng Powell Brothers Ltd. mula sa Leeds, U.K., na siya ring gumawa ng iba pang mga bintana sa mga hagdan at mga pampublikong lugar ng Mga Parliament Building.



## 4 Golden Jubilee Window


Ang bintanang ito ay ginawa para ipagdiwang ang ika-50 taon ng pagrereyna ni Queen Elizabeth II noong 2002. Ito'y ginawa ni Edward Schaefer at ni Thomas Mercer, dalawang local na artisano. Inilalarawan nito ang ilang mga simbolo ng province, kabilang na ang ibon ng province (ang Steller's Jay), ang isda ng province (ang Pacific salmon), at ang batong hiyas ng province (jade).

# PANGALAWANG PALAPAG




## 5 Ang Memorial Rotunda

Ang Memorial Rotunda ay alay sa mga taga-British Columbia na nagbigay ng kanilang mga buhay para sa Canada. Ang mga watawat ng B.C. at Canada, at ang White Ensign at King's Colour ay makikita sa itaas.



Ang mga dingding ay may Tennessee marble at may dekorasyon ng 23-carat gold leaf. Ang terrazzo na palapag ay gawa mula sa mga piraso ng marmol at granite mula sa Italy.

Ang kisame ay may mga larawan ng mga industriya na may makasaysayang kahulugan sa British Columbia: pagsasaka, pangingisda, at pagmimina. Ito'y iginuhit ni George Southwell noong 1935, pero hindi ito ininstala hanggang 1952.

## 6 Ceremonial Entrance

Ang Ceremonial Entrance ay ginagamit bawat taon ng Tenyente Gobernador, ang kinatawan ng Monarko sa British Columbia, kapag dumating siya para buksan ang bagong session ng parliament. Ito'y ginagamit din para sa mga espesyal na okasyon, tulad ng noong 1998 nang dumating si Chief Joseph Gosnell para magsalita sa Legislative Assembly noong debate tungkol sa *Nisga'a Final Agreement Act.*




## 7 Members' Lobby

Ang "mga gintong pintuan" na gawa sa lacquered brass ay papunta sa Members' Lobby at sa pasukan ng Legislative Chamber. Ang mga plaka na nasa mga dingding ay ang mga pangalan ng lahat ng mga MLA na nagsilbi simula pa noong ang B.C. ay naging province ng Canada noong 1871.



# 8 Legislative Chamber



Ang Legislative Assembly ng British Columbia ay binubuo ng 93 Miyembro ng Legislative Assembly (mga MLA) na siyang ibinoto mula sa 93 electoral districts sa buong province. Ang mga eleksyon ay iniiskedyul para sa pangatlong Sabado sa Oktubre, bawat apat na taon.

Ang mga MLA ay nagtratrabaho para sa mga taga-British Columbia sa pamamagitan ng pag-aral, pagdebate, at pagboto sa iminumungkahing batas. Iniiksamen at inaaprubahan nila ang mga iminumungkahing taunang paggastos ng gobyerno at sinisiyasat nila ang mga plano at mga aktibidad ng gobyerno. Ang mga MLA ay nagsisilbi rin bilang mahalagang link para sa publiko at gobyerno sa pamamagitan ng pangangatawan sa mga pananaw ng kanilang constituents, sa pamamagitan ng pagtalakay tungkol sa mga alalahanin, at pagtulong sa mga tao sa kanilang distrito na i-access ang mga programa at mga serbisyo ng gobyerno.

Ang mga bisita ay iniimbitang obserbahin ang proceedings mula sa Public Gallery tuwing nagpupulong ang Legislative Assembly. Para sa mga hindi makakapunta dito nang personal, maaari nila itong panoorin online, sa telebisyon, o basahin ang buong verbatim transcripts.



## Mace

Ang mace ay nagsisilbi bilang simbolo ng awtoridad ng Legislative Assembly at ito'y dapat nasa Mesa ng mga Clerk para maisagawa ng Assembly ang kanyang tungkulin. Ang kasalukuyang mace ay ang pangatlo sa kasaysayan ng province at ito'y ginagamit simula pa noong 1954. Ito'y gawa sa B.C. silver at ito'y may 24-carat gold plating.

## Mga Mesa ng mga Miyembro

Ang Chamber ay nahahati sa mga hanay ng mga mesa sa magkabilang panig ng kuwarto. Tradisyunal na umuupo ang gobyerno sa kanan ng Speaker at ang opposition parties ay umuupo sa kaliwa ng Speaker. Ang mga gobyerno ay binubuo ng politikal na partidong may suporta ng karamihan ng mga MLA. Ang pinuno ng partidong iyon ay iniimbitang magsilbi bilang Premier at siya ang pinuno ng gobyerno ng province.



## Talking Stick

Ang Talking Stick ay inukit ni James Delorme ng Songhees Nation at ito'y ibinigay sa Speaker ng Legislative Assembly sa isang special blessing ceremony noong 2016. Ang pagkakaroon ng Talking Stick sa Chamber ay nagsisilbi bilang isang paalala ng pangangailangang magkaroon ng magalang na talakayan sa kasalukuyang proseso ng reconciliation.



## Speaker's Chair

Ang Speaker ay isang MLA na binoto ng ibang mga MLA para pamunuan ang mga debate. Ang Speaker ay neutral at siya ang may responsibilidad para matiyak na ang lahat ng mga MLA, anuman ang kanilang partido, ay trinatrato nang patas at nang walang kinikilingan.

# KASAYSAYAN NG LUGAR

Ang Parliament Buildings at ang paligid na lugar ay nasa mga tradisyunal na teritoryo ng Esquimalt at Songhees Nations na siyang libu-libo nang táong nanirahan sa lugar na ito. Noong 2007 ay nagkasunduan ang Esquimalt at Songhees Nations at ang gobyerno ng Canada at ng B.C. na i-settle ang land claims hinggil sa property na ito.

## Ang Birdcages

Ang property na ito ay nagsilbi bilang lugar ng gobyerno simula pa noong 1859, nang sinimulan ang construction sa Colonial Administration Buildings para sa British Colony ng Vancouver Island. Sila'y mas kilala bilang "Birdcages", isang pangalang ibinibigay sa kanila dahil sa kanilang natatanging istilo ng arkitektura.

Ang anim na Birdcage buildings ay patuloy na ginamit pagkatapos sumali ang B.C. sa Canada noong 1871, pero madali itong naging napakaliit para sa lumalaking province. Noong 1892, nagtanghal ng isang architectural contest para pumili ng design para sa mga bagong Parliament Building. Sa 65 sets ng mga drawing na isinumite, pinili ang mga drawing ni Francis Mawson Rattenbury, isang 25-taong-gulang na arkitekto.

Ang karamihan ng mga orihinal na building ay giniba nang nakompleto ang mga bagong Parliament Building. Ang kaisa-isang natitirang building ay inilipat sa likod ng property at ito'y ginagamit para sa iba't-ibang bagay, tulad ng bilang isang mineral museum, hanggang ito'y nasunog noong 1957.



Image A-00934 sa kagandahang loob ng BC Archives.

# Ang Parliament Buildings

Ang Parliament Buildings ang siyang unang pangunahing commission para kay Francis Rattenbury, na siyang nag-apprentice sa architectural firm ng kanyang tiyo sa Inglaterra bago siya lumipat sa Vancouver noong 1892. Pagkatapos ay nagdisensyo siya ng ilan pang landmark structures sa British Columbia, kabilang na ang Empress Hotel.

Sinimulang itayo ang Parliament Buildings noong 1893 at ito'y nakompleto sa katapusan ng 1897. Sila'y opisyal na binuksan noong Pebrero 10, 1898. Kinompleto ang iba't-ibang mga idinagdag dito sa pagitan ng 1913 at 1920. Ang kabuuang ginastos na halaga para sa construction ay lumampas lamang nang kaunti sa $2 milyon.

Noong simula ng 1970, ang Parliament Buildings ay napansing nasisira na at kinakailangang ayusin. Nagsagawa ang pamahalaan noon ng renovation project na nagtagal nang isang dekada upang ibalik ang Parliament Buildings sa dati nitong kagandahan at upang gawin silang mas akma sa mga pangangailangan ng Legislative Assembly at ng mga MLA.




Image M00098 sa kagandahang loob ng Archives ng Lungsod ng Victoria Archives



Image A-02774 sa kagandahang loob ng BC Archives

# SELF-DIRECTED GUIDE BOOK
# **TAGALOG**



Mangyaring bisitahin ang website ng Legislative Assembly para:

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa tungkulin ng mga MLA.

Humanap ng biographical at contact information para sa inyong MLA.

Manood ng mga video o magbasa ng mga transcript ng debate.

Tingnan kung ano ang mga bill na pinasimulan sa Legislative Assembly.

Bisitahin ang Kalendaryo ng Parliament.

**leg.bc.ca**